

Chapter One



Bree looked at her watch impatiently, then resumed pressing the doorbell with a vengeance. Every minute spent standing outside this door was a waste of her time. Pero kailangan niyang makausap nang personal si Jared.

Sa wakas ay binuksan nito ang pinto. “What the hell is wrong with you? I’m trying to sleep here at kung wala kang magawa, go annoy someone else.”

“I need to talk to you.” She pushed past him and stepped inside his condo unit. Hinarap niya ang lalaki at nakita ang gulat sa mukha nito. “What?”

“Bree?” tila hindi makapaniwalang sambit nito. Nagtaas lang siya ng kilay. “What are you doing here?”

Right. Wala man lang *how are you o kumusta ka.*

Deretso agad sa rason ng pagpunta niya.

“You need to come home, Jared.”

“Why?”

“I fear that Tito Manuel’s life is in danger.

Tatlong beses nang pinagtangkaan ang buhay niya.

Baka sa susunod, magtagumpay na ang may pakana n’on.”

“Bakit hindi ko nalaman agad ito?” he thundered. Galit ang nabasa niya sa mukha nito. Nagpalakad-lakad ito sa harap niya, his fists clenching and unclenching, na parang pilit nitong kinokontrol ang sarili. “At bakit hindi si Papa ang mismong nagsabi sa akin?”

She flinched. “Dahil ayaw ng papa mong ipaalam sa ’yo ang nangyayari.”

Nagmura ito. “That pigheaded...” He muttered something she couldn’t hear. She suspected he was cursing his dad. “His life is in danger pero wala pa rin siyang balak hingin ang tulong ko. Will it hurt his pride to ask for my help?”

Hindi umimik si Bree. Isa pa, parang mas sa sarili kasi itinatanong ni Jared iyon. Not to mention the fact that she was busy ogling him. It had been three years since she last saw him. Noong araw na nagtapos siya sa kolehiyo. He left home two years before that. At dahil iyon sa kanya.

Manuel wanted Jared to marry her. Pero hindi

pumayag ang binata. Nagtalo ang mag-ama at humantong iyon sa paglalayas ng anak, vowing never to return. Sinabi ni Jared na hindi nito kailangan ang pera ng ama at makakaya nitong mabuhay nang mag-isa.

Hindi alam ng binata na narinig niya ang pag-uusap ng mga ito. Hindi lang siya, maging ang mga katulong sa mansion ay narinig ang sigawan ng dalawa.

She was humiliated and hurt at the same time.

Bata pa siya noon, oo, pero itinangi na niya sa puso si Jared. Inilihim ni Bree iyon dahil alam niyang wala siyang pag-asa. Mayaman ito, mahirap siya. Sa katunayan, nakapag-aral lamang siya dahil sa kabaitan ng ama nito.

Kinupkop siya ni Manuel noong mamatay ang mga magulang niya sa isang aksidente. Katorse anyos siya noon. Dating private nurse ang mama niya sa asawa nitong may sakit, at lagi siyang sumasama sa ina sa tuwing wala siyang pasok. Nakagaan na siya ng loob ng mag-asawa.

Nawiwili si Bree sa pagpunta sa bahay ng mga ito dahil gustung-gusto niyang nakikita ang binata na noon ay disinueve anyos na. Mabait si Jared at masayahin kaya mas lalong lumaki ang paghanga niya rito.

Pinagmasdan niya ang binata. Guwapo pa rin

ito. Mas lalo pa ngang tumingkad ang kakisigan nito sa nakalipas na tatlong taon, mas lalong naging mapang-akit ang aura. Kasabay ng realisasyong iyon ay ang pagbangon ng natutulog niyang damdamin para rito.

Napaatras si Bree, napailing sa sarili. *This can't be happening.*

Limang taon siyang nagdusa sa kaalamang wala itong pag-ibig sa kanya. Ipinagpasalamat niyang umalis si Jared dahil nagkaroon siya ng panahong kalimutan ito. Pero bakit bigla na namang bumibilis ang pintig ng puso niya para rito?

Hindi tama ito.

May nobyo na siya.

“Bree, are you listening? Bakit namumutla ka? Sit down, will you?” Pinaupo siya nito sa sofa at ikinuha ng tubig. “Are you okay?”

“Yes. I’m just really worried about your father. I mean, kung di ka papayag na umuwi.” That was not exactly a lie. Pero mamamatay muna siya bago niya amining kaya siyang saktan pa ni Jared. “You have to come home.”

“My father doesn’t want my help,” he said in an angry voice.

Napabuntong-hininga si Bree. “This is the reason why I didn’t call. Alam kong mas madali mo akong matatanggihan kung tinawagan lang kita.”

“Go home, Bree.” Naupo ang lalaki sa tabi niya.

“Damn it, Jared. Hindi ito ang oras para makipagmatigasan ka ng ulo. He’s the only family you’ve got. Hihintayin mo pa bang mamatay siya bago ka magpakumbaba?”

Mukhang nagulat ito. Hindi siguro inakalang pagsasalitaan niya ito nang ganoon. Dati kasi malambing at mabait siya. Hindi siya nagtataas ng boses. Docile and submissive, that’s her.

Pero nang umalis ito, maraming nagbago sa kanya.

“Easy for you to say, hindi mo buhay ang pilit niyang kinontrol. Buhay ko.” Tumayo ito at muling nagpalakad-lakad sa harap niya. “At ni hindi man lang siya gumawa ng hakbang para kausapin ako. Gaya pa rin siya ng dati, hihintayin niyang ako ang lumapit.”

Hindi niya alam kung tama ang narinig niyang pagtatampo sa tinig ng binata. Kunsabagay, may dahilan naman ito. Hindi ito hinanap ng ama noong maglayas ito. Ni hindi nga binabanggit ng matanda ang pangalan ni Jared mula noon.

Silang dalawa, may komunikasyon. Hindi nawala iyon dahil para sa binata, isang nakababatang kapatid siya. Kaya nga naroon ito noong college graduation niya. At inaalam pa rin nito ang nangyayari sa buhay niya through cell

phone and social media. Pero may mga bagay na, siyempre, hindi niya ipinapaalam dito.

“Jared, hindi na biro ang nangyayari. Kung ako ang anak, kahit pa gaano kalaki ang tampo ko sa magulang ko, gagawa pa rin ako ng hakbang para tulungan sila. Kahit ipamukha pa nila sa ’kin na di nila iyon kailangan. Ganoon na ba kataas ang pride mo at napakadali sa ’yong balewalain ang ama mo?”

“I just want him to be the one to reach out. Once.”

If Jared was waiting for that, he might as well get ready for his father’s funeral. Dahil kung mataas at matigas ito, mas matigas ang ulo ng ama nito.

Manang-mana talaga.

Kaya nga laging nagkakabanggaan noon ang dalawa dahil walang gustong sumuko.

Muli siyang bumuntong-hininga. Bahagya niyang hinilot ang sentido, parang gustong sumakit ng ulo niya.

“Jared, your father is sick. Tatlong beses na siyang inatake sa puso mula noong umalis ka ng San Carlos. At sa banta ngayon sa buhay niya, baka matuluyan na siya.” May takot sa tinig ni Bree, pero matatag iyon. Sinalubong niya ang nang-aakusang titig ng binata.

“Why, Bree? Why didn’t you tell me sooner? Sa dinami-daming beses na nag-usap tayo sa telepono,

ni minsan wala kang binanggit. Is it that hard to tell me?” Nang-aakusa pati tinig nito. Naroon din ang pagdaramdam, pero wala siyang magawa para pawiin iyon.

Sumunod lang si Bree sa utos ng ama nito. Kahit na gusto niyang sabihin kay Jared, ayaw naman niyang biguin ang matanda. Napakalaki ng utang na loob niya rito at ayaw niyang magalit ito sa kanya. Pero dumating na ang punto na kailangan niyang suwayin ang gusto ng ama nito. Buhay na ni Manuel ang nakataya.

“I wanted to tell you. Pero ayaw ni Tito.”

“Then why tell me now?”

“It might sway you to come home. At gusto kong umuwi ka, Jared. Para kay Tito, at para sa 'yo. No matter what you say, I know that you miss him. At alam kong ganoon din si Tito.”

He snorted. Hindi naniniwala sa kanya. “Yeah? I could believe that if he's here with you.”

Naglapat ang ngipin ni Bree. Inuubos nito ang pasensya niya. Parang gusto niyang hawakan ito sa ulo at iumpog. Baka sakaling lumambot nang konti ang ulo nito.

“Jared, he's in danger. Ilang beses ko bang kailangang sabihin iyon sa 'yo para pumasok diyan sa sentido mo?” she snapped, her eyes flashing angrily.

Sa ikalawang pagkakataon, natigilan na naman si Jared at napatitig sa mukha niya, parang sinisino kung kilala ba nito ang babaeng nakaupo ngayon sa sala nito.

“Wow!” he breathed, as if amazed. “I think I like you this way,” parang humahangang sambit nito.

Namula ang mga pisngi ni Bree at nagrigodon ang puso niya. “Stop staring!” gigil na saway niya nang lalong mag-init ang mukha niya.

“When did you change into this... passionate creature?” Ikinumpas ni Jared ang kamay sa kabuuan niya. And he was still staring while standing in front of her. Bree squirmed in her seat.

“After you left,” she mumbled. Nagbaba siya ng tingin. Ayaw niyang mabasa nito ang sakit na gumuhit sa puso niya. She hated thinking of that hateful day. Ni ayaw niyang maalala iyon. “I know why you left. Iyon ba ang dahilan kaya nagdadalawang-isip kang umuwi ng San Carlos?”

Nag-angat siya ng mga mata at nakitang namutla si Jared. She saw how uncomfortable he became, at sa pagkakataong ito, ang binata naman ang hindi makatitig sa kanya. Naupo itong muli, pero sa isang kahiwalay na upuan sa kanan niya.

“Akala ko hindi mo alam,” mahinang sambit nito.

Nagkibit-balikat lang siya. Ano pa ba ang magagawa niya?

“Alam ng lahat sa mansion. Sa lakas ng boses ninyong mag-ama, sino’ng hindi makakarinig?”

“I’m sorry,” mababa ang tinig na saad nito. Alam niyang sinsero iyon sa loob nito. But he didn’t need to apologize.

Oo, nasaktan siya, pero hindi niya ito sinisi. Hindi naman nito kasalanan na hindi siya nito mahal. At alam ni Bree na nasasakal na si Jared sa ginagawang pagkontrol ng ama sa buhay nito.

“I wish I could have spared you from all that.”

“It’s all in the past, Jared. Pero kung talagang gusto mong makabawi, then come home,” she bartered. She was willing to manipulate him, umuwi lang ito para sa ama.

Para din ito kay Jared, dahilan niya sa sarili. Kilala niya ang binata. Kapag may nangyaring masama sa ama nito at wala itong ginawa, sisisihin nito ang sarili.

Sa ngayon, nangingibabaw lang dito ang pride at galit. Pero mawawala din iyon, sigurado siya. Ayaw niyang mahuli ang lahat. Kung kailangan niya itong i-blackmail, gagawin niya. His guilt would be her weapon.

“You surprise me, Bree. Hindi ka naman dating ganito.”

She shrugged. Isinukbit niya ang shoulder bag at tumayo na. Tapos na ang tungkulin niya rito. Nasa

binata na kung uuwi ito ng San Carlos o hindi.

“You could at least show your father that you care. Someone is trying to kill him, Jared. You have people at your disposal, send them to investigate. Or you can come home to do that. Gamitin mo lahat ng impluwensya mo. Your company is one of the best investigative groups in the country. Now is the time to prove it,” mapanghamon ang tonong sambit niya.

He grinned. Arogante itong lumapit sa kanya. She refused to back down at nakipagtitigan dito. Nang tila matiyak ni Jared na hindi siya natatakot dito, he chuckled and gently bumped his fist under her chin. Pinaningkitan niya ito ng tingin. He used to do that when she was younger, calling her *‘bumpkin.’*

“Stubborn female. Nahahawa ka na sa katigasan ng ulo ng tatay ko.” He was still grinning. And he looked impressed.

She glowed with pride. “Kailangan, kung gusto kong tapatan siya o ikaw,” taas ang kilay na sagot niya. Mas lalong lumapad ang ngiti nito. “I have to go. Hindi alam ni Tito na nagpunta ako rito.”

Tumalikod na siya ngunit agad ding napaharap sa binata nang marinig ang tawa nito. Naniningkit ang mga matang hinintay niya itong matapos. She failed to see what’s funny. Walang nakakatawa sa sitwasyon.

“Sneaky little Bree. Kailan ka pa nagkaganyan?” nakangiting tanong nito. Nakapamaywang na tila isang bata ang kausap. “I wish I could see how my father will react when he learns of this little stunt of yours.”

Wala sa loob na nakagat ni Bree ang labi. She was worried about that. Pero hindi na niya matiis ang pag-aalala sa matanda. Tiwala siyang makakayang lutasin ni Jared ang misteryo sa likod ng nangyayari sa ama. Magagaling ang mga tauhan nito pagdating sa trabaho. Maging ito ay mahusay sa pag-iimbestiga.

“I’m sure it will be fine. Para naman sa kaligtasan niya ito.” Muli siyang pumihit para umalis. Hawak na niya ang door knob nang magsalitang muli ang binata.

“Do you have a boyfriend?”

Nanigas siya. Which was weird dahil hindi naman kakaiba ang tanong nito. He was just curious.

“Come home. I’ll tell you then.”

